
# Si Tagpi, Ang Asong Kawili-wili



**Mga Letra: a, b, c, d, e, f, g, h, i, j, k, l, m, n, ng, o, p, q, r, s, t, u, v, w, x, y, z ( - )**


Isinulat ni Vilma Y. Forte
Iginuhit ni Anele E. Abanto
Kinulayan ni Richel A. Lim
Sinuri nina Esperanza A. Badong, Annie M. Dado, Jillianne C. Elnar, Cheryl E. Lique, Leonisa N. Ramos, at Genny P. Solares



Minsan sa aking paglalakad,
diwa ko ay naglalakbay.
May isang tutang payat,
ang sa akin ay nakisabay.



Parang ito ay itinapon
o di kaya ay napahiwalay.
Kaya dinampot ko ito at
iniuwi sa aming bahay.




Ang tuta ay parang batang
naghahanap ng kalinga.
Sa magulang na mabait
na sa kaniya ay uunawa.




Bilang bata, ako ay may
pusong marunong maawa.
Ito ay aking pinakain at
buong pusong inaruga.




Tagpi ang pangalang
sa kaniya ay ibinigay.
Dahil puti at itim ang
kaniyang kulay.



Palagi ito sa tabi ko
tila ayaw mapawalay.
Ngunit kapag ako ay wala sa
bahay, ito ay matamlay.



Lumipas ang panahon,
si Tagpi ay mataba na ngayon.
Ang dila nito ay nakalawit
at tingala yaong ilong.



Balahibo nito ay malinis
ang mukha ay makinis.
Ito ay sobrang lambing,
kaya gusto ko siyang kapiling.



Sa tuwing ako ay umaalis,
ito ay parang nalulungkot.
Kapag ako ay dumarating
gumagalaw ang kaniyang buntot.



Agad itong tumatahol
kapag may mga batang malilikot.
Sa aming bakuran
ay basta na lang naglilibot.




Ngunit isang araw,
si Tagpi ay biglang nawala.
Wala ng Tagping kumakahol
at naglahong parang bula.

## Mga Tanong at Gawain

1. Ano ang pamagat ng tula na iyong binasa?
2. Bakit dinampot ng bata ang tuta?
3. Paano niya inalagaan ang tuta?
4. Bakit kinawilihan ng bata si Tagpi?
5. Ano kaya ang nangyari kay Tagpi?
6. Sa palagay mo, ano ang katapusan ng kuwento?